Setyembre 2023

Update ng Meta: Pag-assess ng Epekto sa Mga Karapatang Pantao sa Pilipinas

Talaan ng mga Nilalaman

Talaan ng mga Nilalaman **2**
Panimula **3**
Update sa Pagpapatupad **4**
Overview 4
Mga update sa aming mga tugon sa mga rekomendasyon 5
1. Maling impormasyon at disinformation 5
2. Pangha-harass online 11
3. Panghihimok na gumawa ng karahasan 15
4. Surveillance 16
5. Sekswal na pananamantala online 18
6. Trafficking 24
7. Aktibidad ng extremist 26
8. Corporate accountability 26
9. Na-update ang mga rekomendasyon ng HRIA (mula Setyembre 2021) 29

Panimula

Noong Disyembre 2021, ang Meta ay[1] nag-publish ng independent Human Rights Impact Assessment (HRIA) sa mga posibleng panganib sa mga karapatang pantao sa Pilipinas na may kaugnayan sa mga platform nito, kasama ng detalyado at tugon ayon sa bawat rekomendasyon. Nagbigay ng karagdagang update ang Meta sa mga tugon na iyon, na binigyang-pansin ang mga hakbang na ginamit bago ang eleksyon sa pagkapresidente para sa 2022, sa Taunang Report sa Mga Karapatang Pantao nito para sa Hulyo 2022.

Ang proyekto ay isinagawa ng Article One Advisors, nang hiwalay sa Meta, noong 2020 at 2021. Ang pamamaraan ng Article One ay batay sa Mga Gumagabay na Prinsipyo ng United Nations sa Negosyo at Mga Karapatang Pantao at may kasamang mga qualitative interview sa 32 stakeholder, kasama ang mga journalist, mga espesyalista sa proteksyon sa bata, at mga civi society activist, pati rin ang survey ng 2,000 user ng Meta sa Pilipinas. Ang update sa pagpapatupad na ito ay bahagi ng aming mas malawak na commitment sa makabuluhang transparency tungkol sa aming human rights due diligence sa mga karapatang pantao at tungkol sa aming integrity work.[2]

[1] Noong Oktubre 28 2021, binago ng Facebook, Inc. ang pangalan nito sa Meta Platforms, Inc. Para sa consistency, ginagamit ng report na ito ang “Meta” para tukuyin ang kumpanya bago at pagkatapos ng Oktubre 28 2021. Naaangkop lang ang pagtukoy sa “Facebook” sa social media platform, hindi bilang buong kumpanya. Dagdag pa rito, binabanggit ng tugon na ito ang mga ginawang reference, o mga plano para gumawa ng mga hakbang, ang Meta bilang kumpanya tungkol sa partikular na entity. Ang nasabing pahayag ay hindi nilalayong magpahiwatig na gagawa ang Meta ng mga hakbang tungkol sa lahat ng entity. Walang pahayag sa tugon na ito ay nilalayon na gumawa — o dapat ituring bilang gagawa — ng mga bagong obligasyon (legal o hindi) tungkol sa paggamit ng patakaran o pamamaraan sa iba pang mga produkto o entity. Halimbawa (at salungat sa iba pang Meta technologies), ang WhatsApp ay isang application sa pagme-message at pagtawag na naka-encrypt nang end-to-end na may natatanging mga touchpoint sa mga karapatang pantao. Ang talakayan ng tugon na ito ng pag-moderate ng content at mga may kaugnayang isyu sa Facebook at Instagram ay hindi naaangkop sa WhatsApp. Maliban kung tinukoy ang patakaran o commitment bilang naaangkop sa WhatsApp, hindi ito naaangkop sa WhatsApp.

[2] Ang pag-publish ng Meta sa update na ito ay hindi dapat ituring bilang pagpasok, kasunduan sa, o pagtanggap ng alinman sa mga nalaman, konklusyon, opinyon o mga pananaw na natukoy ng Article One, o ang pamamaraan na ginamit para maabot ang nasabing mga nalaman, konklusyon, opinyon o mga pananaw. Gayundin, habang binabanggit ng Meta ang mga hakbang na ginawa nito, o mga planong gustong gawin, posible itong maka-correlate sa mga puntong sinabi ng Article One o mga rekomendasyong ginawa nito, hindi rin ito dapat ituring na pagpasok, kasunduan sa, o pagtanggap ng alinman sa mga nalaman, konklusyon, opinyon o mga pananaw.

Update sa Pagpapatupad

Overview

Gumawa ang HRIA ng 40 rekomendasyon na tumatalakay sa panghihimok ng karahasan, surveillance, sekswal na pananamantala online, trafficking, aktibidad ng extremist, at pananagutan ng kumpanya. Nag-commit ang Meta na ipatupad ang 24 na rekomendasyon, bahagi nito ay ang pagpapatupad ng pitong rekomendasyon, at para i-assess ang feasibility ng siyam na rekomendasyon.

Para madaling mabasa, kinategorya namin ang update na ito sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon ng human rights due diligence (HRDD) para itugma ang pagkakaayos ng paglabas nito sa HRDD executive summary. Kinakategorya namin ang aming mga tugon gaya ng sumusunod:

- **Kumpleto:** Nakumpleto namin ang buo o hindi buo na pagpapatupad kaugnay sa aming tugon sa rekomendasyon at hindi na magkakaroon ng mga karagdagang update sa hinaharap.
- **Isinasagawa:** Patuloy kaming gumagawa ng progreso sa aming tugon sa rekomendasyon at psoibleng magkaroon ng mga karagdagang update sa rekomendasyon sa hinaharap.
- **Walang mga karagdagang update:** Hindi namin ipapatupad ang rekomendasyon at hindi magkakaroon ng mga karagdagang update sa hinaharap.

Mga update sa aming mga tugon sa mga rekomendasyon

1. Maling impormasyon at disinformation

a) Bumuo ng plano para bawasan ang panganib para sa eleksyon sa pagkapresidente noong 2022, partikular na nakatuon sa inayos na paggamit ng mga disinformation campaign.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Alinsunod sa amiing pamamaraan sa iba pang malalaking pandaigdigang eleksyon, binigyan ng high priority ng Meta na mag-invest sa mga pagsusumikap sa pagbawas ng panganib at paghahanda para sa eleksyon sa pagkapresidente noong 2022 sa Pilipinas. Ang mga pagsusumikap na ito ay nabigyan ng kaalaman at ginabayan ng mga rekomendasyon ng HRIA, bukod sa iba pang mga bagay.

Bumuo kami ng mga bagong produkto at bumuo ng mas matibay na mga patakaran sa pakikipagtulungan sa Commission on Elections, mga bantay sa eleksyon, mga independent fact-checker, at mga organisasyon ng civil society. Makikita sa Newsroom post sa kung paano naghahanda ang Meta para sa pangkalahatang eleksyon ng 2022 ng Pilipinas ang mga aksyon na ito, sa aming pagtugon sa HRIA, at sa Preparation for Philippines Presidential Election 2022 (Paghahanda para sa Eleksyon sa Pagkapresidente sa Pilipinas ng 2022) na seksyon ng aming Taunang Report sa Mga Karapatang Pantao para sa 2022.

Gumawa rin kami ng proactive na aksyon sa mga mapaminsalang tao, na pinagsasama ang mga imbestigasyon ng eksperto at malawakang pag-detect at pag-enforce. Ang mga detalye sa aksyon na ito ay makikita sa aming Q2 2022 Quarterly Adversarial Threat Report.

b) Dagdagan ang mga pagsusumikap para subaybayan at alisin ang mga coordinated disinformation campaign na umaasa sa mga tunay na profile.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Nag-launch kami ng patakaran laban sa ilang maramihang pangha-harass/pagbuo ng grupo noong Agosto 2021 — na lubos na hango sa mga karanasang idinokumento sa

HRIA — pagkatapos ng pagkonsulta sa mga pangunahing stakeholder sa Pilipinas at sa buong mundo.

Pinatibay namin ang aming kakayahan na gumawa ng aksyon laban sa mga coorindate na social harm ng mga tunay na user. Bago ang eleksyon noong 2022, manu-mano naming inantala at inalis ang humigit-kumulang 10,000 account dahil sa paglabag sa mga patakaran sa nauthentic Behavior (IB), kung saan gumagamit ng mga taktika ang mga mapaminsalang tao para palakihin ang distribution ng content na may kasamang mga post na may kaugnayan sa eleksyon. Pinagsama rin namin ang automated at malawakang pag-detect ng mga IB pattern na ito (kasama ng pagsusuri ng eksperto), na nagreresulta sa pagpapatupad laban sa mahigit 15,000 mga karagdagang account.

c) Ipatupad ang mga rekomendasyon ng Pag-audit ng Mga Karapatang Sibil ng Facebook na may kaugnayan sa panghihimasok ng botante sa Pilipinas.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Bilang pagtugon sa feedback mula sa aming mga pandaigdigang stakeholder at ang mahalagang gawa ng Pag-audit ng Mga Karapatang Sibil sa United States, lubos naming pinalawak ang aming mga pandaigdigang patakaran sa pagtugon sa panghihimasok ng botante. Aming Mga Pamantayan ng Komunidad ay ipinagbabawal na ang mga offer na bumili o magbenta ng mga boto; content na nagtataguyod o nagbibigay ng mga instruksyon para sa voter fraud; pagsisinungaling sa mga petsa, mga lokasyon, oras at mga paraan para sa pagboto o pagrerehistro ng botante; pagsisinungaling tungkol sa kung sino ang pwedeng bumoto at mga requirements para sa pagboto; at content na nagpapahiwatig na magkakaroon ng COVID-19 (o iba pang mga sakit) ang mga tao kung boboto sila. Ginagamit sa buong mundo ang mga patakarang ito, kasama ang Pilipinas.

Kami rin ay nagpapakilala ng mga hakbang para bawasan ang panganib na mairekomenda sa mga tao ang posibleng mapaminsalang mga Group, at ipinapaalam namin sa mga tao na sasali sila sa Group na mayroong mga paglabag sa Mga Pamantayan ng Komunidad. Nililimitahan namin ang mga notification sa imbitasyon para sa mga Group na ito, para hindi gaano malamang na sumali ang mga tao. Para sa buong detalye sa pag-follow up ng Meta sa Pag-audit ng Mga Karapatang Sibil, tingnan dito.

d) Palawakin ang commitment ng Facebook sa EU Code of Practice sa Disinformation para isama ang Pilipinas.

Orihinal na commitment: Feasibility ng pag-assess:
Status: Walang mga karagdagang update

Ang pamamaraan ng Meta sa pagtugon sa maling impormasyon at disinformation ay pandaigdigan. May kasama itong pakikipagtulungan namin sa mga third-party fact-checker, pati rin ang aming gawa para suportahan at dagdagan ang pinagmumulan ng may kalidad na impormasyon, para matugunan ang pagsisinungaling at ang coordinated na paggamit ng mga fake account at para ipagbawal ang maling impormasyon sa mga advertisement nang alinsunod sa aming Mga Patakaran sa Pag-a-advertise at Mga Pamantayan ng Komunidad.

Sinusuportahan namin ang maraming stakeholder, nagtutulungan, at umuulit na mga pamamaraan na pinangangasiwaan ng mga self-regulatory initiative — tulad ng EU Code of Practice on Disinformation at ang Australian Code of Practice on Disinformation and Misinformation. Ang mga nasabing pamamaraan ay binabalanse ang kalayaan sa pagpapahayag, kaligtasan, at seguridad at magbigay ng forum para sa kasalukuyang dialogue sa pagitan ng mga stakeholder para maghanap ng mga solusyon habang nagbabago ang digital ecosystem.

e) I-expand ang Ads Library sa Pilipinas para matiyak ang transparency sa mga pampulitikang advertisement.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Ang mga advertiser sa Pilipinas ay kailangang kumpletuhin ang aming proseso ng pagbibigay ng mga pahintulot sa ad at may kasamang "Binayaran ni/ng" na mga disclaimer sa mga ad tungkol sa mga eleksyon, pulitika at ilang kategorya ng mga isyung panlipunan. Sa maagang bahagi ng 2022, sinimulan naming hilingin sa sinumang nagra-run ng mga ad tungkol sa ilang kategorya ng mga isyung panlipunan sa Pilipinas na humingi ng pahintulot at ipakita sa organisasyon o tao na nagra-run ng mga ad na may mga disclaimer.

Ang mga ad tungkol sa mga isyung panlipunan, eleksyon o pampulitika na nagra-run sa Pilipins ay lalabas din sa Ads Library para makita ng lahat kung anong mga ad ang nagra-run, sino ang nakakita ng mga ito, at kung magkano ang ginastos. Ini-store ng ganap na searchable na archive na ito ang mga ad na ito sa loob ng pitong taon. Bago ang eleksyon ng 2022, ang Meta kasama ng COMELE (ang Philippines Commission on Elections), ay nagsagawa ng pagsasanay para bumuo ng kapasidad para sa mga

pampulitikang partido at mga kandidato sa ads transparency at sa mga organisasyon na hindi sa gobyerno para sa mga ad na tungkol sa mga isyung panlipunan, eleksyon o pampulitika.

f) I-update ang mga patakaran para ipagbawal ang mga pampulitikang ad na may kasamang disinformation sa mga platform ng Meta. Kasama rito ang pag-fact check sa mga pampulitikang ad ng mga fact-checker na sertipikado ng International Fact-Checking Network bago aprubahan ang mga ito para ipakalat sa platform ng Meta.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad ang bahagi
Status: Kumpleto

Hinihiling namin sa mga advertiser na sundin ang aming Mga Patakaran sa Pag-a-advertise, bukod sa aming Mga Pamantayan ng Komunidad. Ipinagbabawal namin ang mga ad na sinasabing pinabulaanan ng mga third-party checker, maliban kung mayroong direkta o hindi na-edit na speech ang mga ito ng mga pulitiko.

Hindi namin pinapayagan ang third-party na fact-checking sa direkta at hindi na-edit na speech ng mga pulitiko dahil naniniwala kami na sa pamamagitan ng pag-censor sa speech ng mga pulitiko, bibigyan namin ng kaalaman ang mga tao tungkol sa kung ano ang sinasabi ng kanilang mga kandidato o mga hinalal na opisyal, at hindi gaanong pananagutin ang mga pulitika para sa kanilang mga salita.

Dahil sa dami ng pag-a-advertise at ang kahirapan ng pag-assess ng mga claim na madalas ay batay sa opinyon sa pag-a-advertise na pampulitika at panlipunan, hindi ito magagawa o kanais-nais na paggamit ng lika na limitadong mga resource sa fact-checking para sistematikong ma-assess ng third-party fact-checker ang bawat pampulitikang ad para sa kawastuhan bago aprubahan.

Ang nasabing pamamaraan ay maaari ring limitahan ang kalayaaan sa pamamahayag ng aming mga fact-checking partner, na kasalukuyang malayang makapili ng mga claim na gusto nilang ma-assess. Sa aktwal, maaari rin itong gumawa ng hindi ninanais na bias laban sa mga advertiser na nagsasalita ng tungkol sa ilang uri ng mga isyu o batay sa ilang lugar kung saan medyo limitado ang kapasidad ng fact-checking.

g) Isama ang mga state actor sa umiiral na Patakaran sa Mapanganib na Mga Organisasyon at Indibiduwal (Dangerous Organizations and Individuals, DOI).

Orihinal na commitment: Feasibility ng pag-assess:
Status: Walang mga karagdagang update

Hindi isinasama ng Meta ang mga state actor sa Patakaran nito sa DOI. Gayunpaman, marami kaming mekanismo na ginagamit para pigilan ang mga state actor na abusuhin ang aming platform. Kasama rito ang aming mga patakaran sa paglalagay ng label sa media na kontrolado ng state, pati rin ang aming pag-antala at pag-alis ng mga network ng disinformation, kasama ang sa Pilipinas bago ang 2022 eleksyon.

h) I-assess ang mga pagkakataon na palawakin ang fact-checking ng mga leader ng pulitika nang lampas sa maling impormasyon na posibleng magresulta sa napipintong panganib.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad ang bahagi
Status: Kumpleto

Tuloy-tuloy naming ina-assess ang nasabing mga oportunidad. Halimbawa, noong 2020-2021, pinalawak namin ang mga pagbabawal sa ilang bakuna para sa COVID-19, at electoral content, gaya ng sinabi sa mga talata sa itaas. Sinimulan din namin ang mga bagong paraan ng pagpapatupad ng mga patakaran sa maling impormasyon at malawakang pag-check ng claim sa U.S., Myanmar at iba pang mga eleksyon.

Hindi kami gagawa ng mga karagdagang pagbabago sa Mga Pamantayan ng Komunidad sa lugar naito sa oras ng pagsulat. Ang aming pamamaraan sa fact-checking ay batay sa pangunahing paniniwala ng Meta sa malayang pagpapahayag, paggalang sa demokratikong proseso, at ang paniniwala na ang pampulitikang speech ay ang pinaka pinupunang speech. Gaya ng mahalaga, sa pamamagitan ng paglilimita sa pampulitikang speech ay hindi mabibigyan ng impormasyon tungkol sa kung anong ang sinasabi ng kanilang mga hinalal na opisyal — at hayaan ang mga pulitiko na hindi masyadong managot para sa kanilang mga salita.

i) Magbigay ng suportang pampinansyal para mabayaran ang halaga ng seguridad at suporta sa mental health

Orihinal na commitment: Feasibility ng pag-assess:
Status: Kasalukuyang isinasagawa

Ang Meta ay nag-ambag ng mahigit $84 na milyon sa mga programa na sumusuporta sa aming mga pagsusumikap para sa fact-checking simula pa noong 2016, kasama ang suporta para sa pagpapabulaanan sa content tungkol sa COVID-19, isang mentorship program, isang Climate Misinformation Grant, at ang Accelerator para suportahan ang mga negosyo ng mga fact-checker. Palagi kaming naghahanap ng mga karagdagang paraan para suportahan ang mga fact-checking partner batay sa kanilang mga

pangangailangan at gagamit ng mga opsyon para sa suporta sa mental health habang nagpaplano kami para sa hinaharap. Ang mga fact-checking partner na nakakatugon din sa may kaugnayang mga pamantayan ay magiging eligible na mag-apply para sa aming mga tagapagtanggol ng mga karapatang pantao at mga inisiyatiba sa kaligtasan sa pamamahayag.

j) Palawakin ang mga dati nang patakaran sa maling impormasyon at panganib para isama ang mga karagdagang kategorya ng maling impormasyon tungkol sa kalusugan.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Ang aming Mga Pamantayan ng Komunidad ay ang aming aktwal na dokumento, ibig sabihin, palagi naming binabago ang aming mga patakaran para makasabay sa nagbabagong mga gawi sa online. Aktibong ie-explore ng aming mga team ang mga karagdagang pagbabago sa patakaran na may kaugnayan sa maling impormasyon sa kalusugan, isinasaalang-alang ang mahalagang kalayaan sa pagpapahayag, access sa impormasyon, at mga pagsasaalang-alang sa proportionality at kamakailang gabay mula sa Oversight Board.

k) Dagdagan ang investment sa pagsasanay para sa digital literacy at magbigay ng pondo para sa mga paaralan sa pamamahayag sa Pilipinas.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Gumawa ang Meta ng malaking investment sa digital literacy sa Pilipinas, kasama ang pag-launch sa pinalawak na bersyon ng We Think Digital/Digital Tayo. Kasama rito ang interactive content sa kaligtasan a privacy at mga module sa pag-verify ng balita, pagbuo ng komunidad at pansibikong pakikibahagi. Patuloy nitong dinaragdagan ang partner roster nito ng mga ahensya ng gobyerno, mga organisasyson para sa kabataan, mga ogranisasyon na hindi sa gobyerno, at mga grupo sa komunidad.

Sa 2023, nagpakilala kami ng mga bagong learning module tungkol sa Mga Digital Foundation, pagpo-promote ng Digital Wellness, pagtukoy at pagsulit sa Mga Digital Opportunity, at Pag-iwas sa mga Scam. Ang mga ito ay mga karagdagan sa kasalukuyang available na mga resource sa Digital Parenting (dito at dito), Digital Engagement, Digital Empowerment, and Digital Citizenship available in Maingat, Magalang, and Mapanuri.

Na-update rin namin ang library ng mga resource para sa iba't ibang audience para

magsama ng mga materyal sa digital literacy at citizenship, kaligtasan sa online, pansibikong pakikibahagi at pag-iwas sa mga scam, ang ilan ay available sa Filipino.

Noong Enero 2023, nagsagawa kami ng talakayan tungkol sa digital literacy focus group kasama ng mga eksperto sa akademya at mga Pinagkakatiwalaang Partner para pag-usapan ang maling impormasyon at disinformation sa Pilipinas.

Mayroong kasalukuyang gawa sa pagsasama ng digital literacy sa learning curriculum ng mga guro para sa pre-service tertiary at pangunahing edukasyon. Bumuo kami ng Facebook and Messenger School Guide para sa mga estudyante, guro at mga learning facilitator sa bahay na nagbibigay ng pangunahing impormasyon sa aming Mga Tuntunin ng Serbisyo, Mga Pamantayan ng Komunidad, at paggamit ng Messenger Kids, kasama ang best practices at mga tip sa kaligtasan at privacy para tumulong sa online learning, sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Edukasyon at Stairway Foundation ng Pilipinas. Sinuportahan din namin ang proyekto sa FYT, na isang independent media outfit sa komunidad, para i-train ang mga journalist sa lugar/campus tungkol sa digital literacy, visual na pagkukuwento, at fact-checking bilang paghahanda para sa eleksyon ng 2022.

Nakipagtulungan din ang Meta Journalism Project sa Reuters para i-launch ang mga libreng online digital journalism foundation training program. May kasama itong mga module sa pangangalap ng digital na balita, pag-verify at pagre-report ng balita, pag-publish sa social media, at training para sa wellness at katatagan habang nagre-report. Noong Hunyo 2021, nag-publish kami ng Mga Pamantayan ng Komunidad sa Filipino, na nagbigay-daan sa mga user na Filipino na basahin ang mga ito sa kanilang katutubong wika.

2. Pangha-harass online

a) Bigyang-daan at bigyan ng kakayahan ang mga user na makontrol ang kanilang seguridad at privacy sa pamamagitan ng pagpapalawak at pagdagdag ng kamalayan sa mga function sa pagre-report batay sa platform, kasama ang sa pamamagitan ng mas nakikitang mga tool ng produkto.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Mayroon kaming malawak na suite ng mga tool ng produkto na dinisenyo para bigyan ng kakayahan ang mga tao na matugunan ang potensyal na hindi magandang mga epekto ng hindi ninanais na contact. Iba-iba ang mga ito sa iba't ibang app pero may kasamang

kakayahan na mag-unfriend, mag-unlike, balewalin, mag-block, mag-restrict at mag-report. Tingnan ang aming Mga Resource tungkol sa Pang-aabuso para sa higit pang impormasyon. Makakakita rin dito at dito ng higit pang detalye sa mga kamakailang feature sa kaligtasan.

Para sa Safer Internet Day 2022, ipinakilala namin ang Instagram Parent's Guide sa Pilipinas para turuan ang mga magulang na Filipino sa mga feature ng kaligtasan sa Instagram at bigyan sila ng kakayahan na magsimula ng mga pag-uusap kasama ng kanilang mga anak tungkol sa kaligtasan sa online at kapakanan ng isip. Para sa Safer Internet Day 2023, ang Meta ay bumuo at nag-launch ng pambatang webtoon series at adventure games na mapipili mo para turuan ang mga teenager tungkol sa privacy, proteksyon ng data at responsableng pakikipag-ugnayan sa online. Tinukoy ng webtoon ang mga tool at resource na tumutulong sa mga teen na mapanatiling ligtas at secure ang kanilang mga account. Ang press launch ay may kasamang mga talakayan ng mga bagong tool para sa kaligtasan, na nagresulta sa maraming piraso ng media coverage.

Ni-launch din namin ang Family Center para sa buwan ng mga bata noong Nobyembre 2022, na nagsilbi bilang hub kung saan maaaring ma-access ng mga magulang at guardian ang mga materyal at resource para tulungan ang kabataan na bumuo ng mga positibong gawi sa online.

b) Alinsunod sa patnubay mula sa Amnesty International, “magbigay ng pansariling impormasyon at payo batay sa personal na aktibidad sa platform” (hal., magbahagi ng patnubay sa privacy at security settings kapag gumagawa ng report ang mga user tungkol sa karahasan at pang-aabuso). Ang patnubay na ito ay wala dapat pribadong impormasyon ngunit sa halip ay dalhin ang mga user sa mga resource at tool na makakatulong sa kanilang mapigilan ang mga panganib sa hinaharap.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Sumasang-ayon kami na ang pagbibigay ng iniakmang patnubay sa aming mga app ay isa sa pinakamagandang mga paran para tulungan ang mga tao na maunawaan ang aming mga patakaran at settings. Alinsunod sa rekomendasyon na ito, nagbibigay kami ng impormasyon na batid ang konteksto tungkol sa privacy, kaligtasan at mga feature na panseguridad sa buong Facebook app. Halimbawa, kapag nagre-report ng post para sa pangha-harass, nagbabahagi rin kami ng isang tap na mga opsyon para i-block o i-unfollow ang user o Page na gumawa ng post, pati rin ang mga detalye sa mga may kaugnayang bahagi ng aming Mga Pamantayan ng Komunidad. Ang iba pang mga tool na

available sa Pilipinas ay may kasamang mga kontrol sa comment (para makontrol kung sino ang maaaring mag-comment sa iyong mga naka-public na post) at filter para sa bastos na salita.

Kapag itinuturing namin ang isang user na posibleng partikular na mahina sa mga panganib sa seguridad, nagbibigay kami ng mga notification na humihikayat sa kanila na i-ON ang two-factor authentication at iba pang mga advanced na proteksyon. Bumubuo kami ng teknolohiya para labanan ang gawi na pumipigil na mapanatili sa offline ang mga babae at mahihinang user. Nagbibigay din kami ng maraming tool para tulungan ang mga tao na makontrol ang kanilang experience sa Facebook, tulad ng pagbalewala sa mga hindi ninanais na message at pag-block sa ibang mga tao nang hindi sila inaabisuhan. Ang mga biktima at ang kanilang mga kakampi ay maaari ring mag-report ng lumalabag na gawi.

Sa pagkonsulta sa mga stakeholder, magpapatuloy kami sa pag-explore ng mga karagdagang oportunidad para ibigay ang nasabing impormasyon, kasama ang sa mga tagapagtanggol ng mga karapatang pantao sa Pilipinas.

c) Patibayin ang mga hakbang sa patakaran laban sa pangha-harass, lalo na ang organisasyohn, panghihimok na gumawa ng krimen o pag-coordinate ng pangha-harass, laban sa mga user.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Na-update namin ang aming Mga Pamantayan ng Komunidad para mapigilan ang mga tawag para mag-coorindate ng pangha-harass noong 2020. Nag-launch din kami ng Patakaran para sa Maramihang Pangha-harass/Anti-Brigading noong Agosto 2021, isang malaking hakbang sa pagtugon sa kumplikadong hamon. Para bawasan ang naaabot ng hinahangad na magamit ang aming platform para sa mapaminsalang mga layunin, ginagawa rin naming mas mahirap na maghanap at sumali sa Mga Grupo na lumalabag sa aming mga patakaran. Dagdag pa rito, kapag mayroong umuulit na mga paglabag ang mga miyembro ng Group, bina-block na namin sila sa pag-post o pag-comment sa loob ng isang panahon sa anumang Group at pinipigilan silang mag-invite ng iba sa anumang Group at gumawa ng mga bagong Group. Ang mga detalye sa pagpapatupad ng aming Patakaran sa Pambu-bully at Pangha-harass ay makikita sa pinakabagong Enforcement Report.

d) Gumamit ng pagsasaalang-alang ng “kapakanan ng publiko” kapalit ng mga pampublikong personalidad at magbigay ng mga eksepsyon sa patakaran at mga proteksyon sa produkto para sa mga nasa panganib na pampublikong personalidad, kasama ang mga tagapagtanggol ng mga karapatang pantao (human rights defenders, mga HRD) at mga journalist.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Nag-launch kami ng maraming pagbabago sa aming Patakaran sa Pambu-bully at Pangha-harass kasama ang: (i) paglilinaw na ang karamihan sa mga HRD at mga journalist ay “mga limitadong pampublikong personalidad” na may mas mahigpit na mga patakaran na nagbabawal sa pambu-bully at pangha-harass kaysa sa mga pampublikong personalidad; (ii) mas matibay na mga proteksyon laban sa pangha-harass at sekswalisasyon batay sa kasarian, kasama ang mga pampublikong personalidad; at (iii) patakaran na nagbabawal sa ilang maramihang pangha-harass (“brigading”), kasama ang laban sa mga HRD. Nag-launch kami ng lubhang may kaugnayang mga proteksyon sa produkto, tulad ng Facebook Protect at ang News Page Index.

e) Makipag-partner sa mga ahensya ng UN at mga CSQ para bumuo ng programa na nagbibigay ng kamalayan tungkol sa HRD.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Nagsagawa ang Meta ng mga briefing para sa mga HRD sa mga patakaran tungkol sa pagbabahagi ng data at Mga Pamantayan ng Komunidad ng Facebook pati rin ang training sa paggamit ng Facebook para sa digital advocacy.

Noong Agosto 2021, ni-launch namin ang Online Security and Resiliency Training para sa mga HRD sa The Asia Foundation. Nilalayon ng series na bigyan ng kaalaman ang mga HRD sa kung paano manatiling ligtas at mas matatag sa online. Kasama rito ang digital security, pagiging nasa mabuting kalagayan ng isip, at pakikibahagi sa komunidad. Simula Abril 2023, na-train namin ang 80 organisasyon. Magpapatuloy ang series sa Pilipinas at posible rin sa iba pang mga bansa sa rehiyon. Pinansyal din naming sinusuportahan ang maraming pandaigdigang tugon/mga advocacy mechanism para sa mga HRD at mag-eexplore ng mga pandaigdigang opsyon sa campaign.

3. Panghihimok na gumawa ng karahasan

a) Pormal na ginamit ang “six-part test” ng Rabat Plan sa pagpapatupad ng Mga Pamantayan ng Komunidad ng Facebook, lalo na kaugnay sa Karahasan at Panghihimok na Gumawa ng Krimen.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad ang bahagi
Status: Kumpleto

Ang Meta ay nag-eexplore ng mga paraan para isama ang mga natutunan sa Rabat threshold test sa aming mga patakaran. Bagaman ang nuance ng test ay ginagawa itong hindi ma-operate para direktang magamit nang malawakan, binago namin ito sa dalawang tool para sa patakaran sa content, kasama ang framework na batay sa escalation para sa mga konsepto ng pang-aatake sa pamamagitan ng hate speech, hindi mga tao (pinagtibay noong 2021), pati rin ang bilang na-update na framework para ma-evaluate ang mga talakayan ng paggamit ng puwersa ng state sa pamamagitan ng mga gobyerno.

Bumuo ang Meta ng prototype test para sa paggamit ng Rabat Plan of Action para gamitin kapag ina-assess ang potensyal na hate speech. Binago rin namin ang mga prinsipyo sa ilalim ng Rabat Plan sa aktibong mga tool sa patakaran sa content, kasama ang mga framework na batay sa escalation para ma-evaluate ang mga konsepto ng pang-aatake sa pamamagitan ng speech (laban sa mga tao) at content na kinaibibilangan ng mga banta ng state na gumamit ng puwersa. Noong 2020, nakipagtulungan ang Meta sa UN Office of the High Commissioner for Human Rights para maisalin-wika ang test at gawing available sa 26 na karagdagang wika.

b) I-explore ang mga oportunidad na magbahagi ng mga insight ng platform (hindi partikular na user o data ng content) sa accountability o mga preventive body sa pamamagitan ng Data for Good o iba pang mga mekanismo.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Bilang karagdagan sa disclosure na ito, ang aming mga team para sa Mga Karapatang Sibil, Pakikibahagi ng Stakeholder at Patakarang Pampubliko ay karaniwang tinatalakay ang mga insight sa malawak na content trend — kasama ang mga may kaugnayan sa social media at conflict at panghihimok na gumawa ng karahasan — sa mga partner sa human rights community, academia, at mga internasyonal na organisasyon. Sa paggawa nito, hinahangad naming bigyan ng kaalaman ang pagbuo ng patakaran at pagpapatupad, suportahan ang mabilis na pagtugon, bumuo ng best practices, at suportahan ang accountability para sa mga paglabag ng mga karapatang pantao.

Maagap na nakipag-partner ang Meta sa mga organisasyon sa Pilipinas sa aming mga programa ng Data for Good simula 2017 sa mga area tulad ng pagtugon sa sakuna at kalusugan. Kasama sa mga partner ang Philippines Red Cross, Philippine Disaster Resilience Foundation, UNICEF Philippines, at ang University of Philippines Resilience Institute. Pinansyal naming sinuportahan, at lumahok kami sa, mga pag-uusap ng maraming stakeholder tungkol sa mga karapatang pantao na may kaugnayan sa dokumentasyon at disclosure at aktibong mag-eexplore ng mga karagdagang paraan para magbahagi ng mga karagdagang insight at data sa aming mga partner, alinsunod sa aming privacy at iba pang mga obligasyon sa batas.

Ang aming Transparency Center, na ni-launch noong 2021, ay mahalagang resource, gayundin ang aming quarterly na Community Standards Enforcement Report, na may kasamang impormasyon sa paglaganap ng iba't ibang uri ng mapaminsalang content sa katagalan at inalis ang maraming nasabing content.

4. Surveillance

a) Makipag-collaborate sa civil society para mag-advocate para sa pagpapasa ng Human Rights Defenders Bill.

Orihinal na commitment: Feasibility ng pag-assess:
Status: Kumpleto

Nakikipag-collaborate kami sa civil society para hikayatin ang mga proteksyon para sa mga HRD, pero napigilan ang pagpapasa ng batas.

b) Bumuo ng standalone na patakaran ng HRD at ipatupad ang mga rekomendasyon na binuo bilang bahagi ng pag-assess ng HRD na ginawa ng Meta.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Partikular na binabanggit ng aming Corporate Policy sa Mga Karapatang Pantao (ni-launch noong Marso 2021) ang mga pangangailangan ng mga panganib ng mga HRD. Gumawa rin kami ng cross-functional working group na partikular sa HRD; binago nang malaki ang aming Patakaran sa Pambu-bully at Pangha-harass para matugunan ang mga vulnerabilities ng mga HRD; nag-launch ng mga bagong restriction sa panawagan para sa o pagsali sa ilang maramihang pangha-harass; at pinahusay ang aming kakayahan sa pagtukoy at pag-launch ng mga may kaugnayang product solution, tulad ng mga naka-lock profile .

Together with The Asia Foundation at AHA! Behavioral Design, nagsimula rin ang Meta ng programang Online Security and Resiliency (OSR). Nag-feature ang programa ng mga module para sa mga HRD na nagpapatibay sa personal at digital na kapasidad. Tinalakay ng mga OSR Team Coaching session ang Digital Security, Pakikibahagi sa Komunidad, at Kalusugan ng Isip. Na-train ng program ang mahigit sa 80 organisasyon mula Hunyo 2021 hanggang Abril 2023.

Dagdag pa rito, ni-launch ng Meta ang Human Rights Defenders' and Journalists' Fund para magbigay ng suporta sa materyal sa ilang mga HRD, pati rin ang Online Security and Resiliency Training for Human Rights Defenders para bigyan ng kaalaman ang mga HRD sa kung paano manatiling ligtas at maging mas matatag sa online.

c) Magkasamang bumuo ng mga teknikal na tool kasama ng mga HRD na gumagana para protektahan ang kanilang mga karapatan habang nasa mga platform ng Meta.

Orihinal na commitment: Feasibility ng pag-assess:
Status: Kasalukuyang isinasagawa

Ang Human Rights Team ng Meta ay aktibong naghahangad na bumuo ng mas consistent na set ng mga co-design opportunity sa mga produkto para suportahan ang mga HRD sa aming mga app.

5. Sekswal na pananamantala online

a) Gumamit ng leverage sa gobyerno ng Pilipinas para palawakin ang mga proteksyon sa sekswal na pananamantala ng bata online.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Alinsunod sa UN Guiding Principles sa Negosyo at Mga Karapatang Sibil, aktibo kaming humihingi ng support outreach, pag-unawa at pagkonsulta sa paggawa ng iba't ibang online na batas tungkol sa kaligtasan ng bata na nilalayong tugunan ang isyu ng sekswal na pananamantala ng mga bata online at higit pang tinutukoy ang mga tungkulin mga tungkulin ng mga platform at mga tech company sa pagtugon ng mga may kaugnayang isyu. Bukod sa iba pang mga engagement, ang gawain na ito ay nangailangan ng pagdalo sa iba't ibang Technical Working Group meeting.

Nagtatag din kami ng aktibo at patuloy na pag-coordinate ng mga mekanismo sa Inter-Agency Council Against Trafficking, Department of Justice, Department of ICT, at ang Department of Education pati ang mga NGO partner na UNICEF, Plan International, Stairway Foundation, at Child Rights Network. Pinapayagan kami nitong mabilis na tumugon sa mga report at patuloy na mangalap ng mga lokal na insight at trend na tutulong sa aming mapahusay ang aming mga patakaran, tool at mga resource para maprotektahan nang mas mabuti ang mga bata sa online.

Tiniyak ng Meta na ang inaatasang mga ahensya ng gobyerno (Department of Justice, Philippine National Police, National Bureau of Investigation, at Cybercrime Investigation and Coordinating Center) ay mayroong access sa inilaang mga reporting channel at binigyan ang mga ito ng refresher sa Mga Pamantayan ng Komunidad at briefing sa kung paano ina-assess ng Meta ang mga report ng content na lumalabag sa lokal na batas.

Dagdag pa rito, na-onboard ng Meta ang Department of Migrant Workers (DMW) sa inilaang mga reporting channel alinsnod sa utos nito sa ilalikm ng DMW Act. Nagbigay ang Meta ng katulad na onboarding para sa Office of the Department of Justice (DOJ) Undersecretary-in-Charge of the Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT), ang National Coordinating Council Against Online Sexual Abuse o Exploitation of Children-Child Sexual Abuse o Exploitation Materials (NCC-OSAEC-CSAEM) Executive Director, at ang DOJ Office of Cybercrime, alinsunod sa kanilang mga utos sa ilalim ng Anti-OSAEC Law.

Masusi kaming nagsasanay at masusing nakikipagtulungan sa nagpapatupad ng batas, kasama ang Anti-Cybercrime Group ng Philippine National Police (PNP), ang Women and Children's Protection Center, at ang National Bureau of Investigation, kasama ang para magbigay ng training sa kung paano mabisang magsu-submit ng mga legal request. Nilalabanan namin ang pananamantala sa bata online kasama ang pakikipagtulungan sa Anti-Cybercrime Group ng PNP, ang Women and Children Protection Center, at ang National Bureau of Investigation, kasama ng kanilang foreign law enforcement at mga NGO partner tulad ng mga Homeland Security Investigation, ang International Justice Mission, at iba pa.

Nire-report namin ang mga kitang-kita na instance ng sekswal na pananamantala na makikita sa aming site mula saanman sa mundo sa National Center for Missing and Exploited Children (NCMEC), na nagre-refer ng kaso sa mga pandaigdigang ahensya ng nagpapatupad ng batas. Makikita rito ang higit pang detalye. Nagbigay din kami ng maraming training session sa mga ahensya ng nagpapatupad ng batas sa maraming taon sa Pilipinas na inorganisa ng International Centre for Missing and Exploited Children at NCMEC.

Noong 2022, tumulong ang Meta na suportahan ang mga pagsusumikap ng gobyerno na magpatupad ng dalawang batas sa kaligtasan — The Expanded Anti-Trafficking in Persons Act of 2022 (EATA) at ang The Anti-Online Sexual Abuse o Exploitation of Children and Anti-Child Sexual Abuse o Exploitation Materials Act (Anti-OSAEC). Nagpatuloy ang Meta na aktibong lumahok sa mga pagkonsulta at gumawa ng mga rekomendasyon para tumulong na matiyak na ang mga internet intermediary ay nakikipagtulungan at tumutulong sa nagpapatupad ng batas sa pag-iimbestiga at inuusig ang mga paglabag ng mga batas.

b) Gumawa ng pag-assess ng epekto ng Messenger Kids tungkol sa mga karapatan ng bata.

Orihinal na commitment: Feasibility ng pag-assess:
Status: Walang mga karagdagang update

Partikular na binuo ang Messenger Kids para matugunan ang mga pangangailangan ng bata sa kaligtasan. Ang pagbuo ng produkto ay may kasamang masusing pagkonsulta sa team ng mga pandaigdigang advisor at mga independent na eksperto sa mga larangan ng kaligtasan online, child development, at media mula sa mga organisasyon tulad ng Family Online Safety Institute, Center on Media and Child Health, MediaSmarts, ang Yale Center for Emotional Intelligence, at ang Fred Rogers Center. Sa Pilipinas, kinonsulta namin ang Stairway Foundation, ang Child Rights Network, UNICEF, at Plan International. Aktibo

naming isasaalang-alang ang rekomendasyong ito habang nakatuon din sa due diligence ng pagbuo ng produkto na may kaugnayan sa bata.

c) Baguhin ang default na privacy setting para sa mga menor de edad (sinuman na wala pang edad na 18):

1) Mga friend request: mula sa “lahat” na gagawing “mga kaibigan ng mga kaibigan”;
2) Friend list: “naka-public” na gagawing “ako lang”;
3) Pahahanap sa email: “lahat” na gagawing “ako lang”;
4) Paghahanap sa telepono: “lahat” na gagawing “ako lang”;
5) Huwag isama ang mga menor de edad sa mga rekomendasyon sa “Mga idaragdag na kaiigan;”
6) Huwag i-link ang mga resulta ng search engine sa mga Facebook profile para sa mga wala pang edad na 18;
7) Tiyakin na hindi kailanman gagawing available ang lokasyon ng mga menor de edad.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad ang bahagi
Status: Kumpleto

Para protektahan ang mga menor de edad, marami kaming mga espesyal na proteksyon na ginagamit, kasama ang: paghiling sa lahat na maging nasa hindi bababa sa 13 taong gulang bago sila makagawa ng account; pag-set ng kanilang mga account para ibahagi sa “mga kaibigan lang” bilang default; paggawa ng mga hakbang para mapigilan ang mga opsyon ng default na audience para sa mga post mula sa pagsasama ng “naka-public”; nire-restrict ang visibility ng mga profile ng menor de edad sa pampublikong paghahanap; pigilan ang pagbabahagi ng content sa publiko (kasama ang lokasyon, contact information, paaralan o birthday at mga friend list); pag-block sa mga feature na para lang sa nasa hustong gulang (hal., Facebook Dating); pagpapaalala sa mga menor de edad na dapat lang nilang tanggapin ang mga friend request mula sa mga taong kilala nila, at hindi namin pinapayagan ang mga hindi kontektadong nasa hustong gulang na mag-message sa mga menor de edad; pagpapahintulot sa sinuman — ginagamit namn lang ang aming mga serbisyo o hindi — na i-report ang pinaghihinalaang mga tao na wala pa sa hustong gulang sa Instagram at Facebook. Mayroon kaming inilaan na mga channel kung saan sinusuri namin ang mga account na ito batay sa mga ito o iba pang mga report.

Dagdag pa rito, maaari ring i-OFF ng mga menor de edad at nasa hustong gulang ang Timeline Review pra masuri ang mga post na naka-tag sila bago lumabas nag mga post sa kanilang timeline. Kung naka-tag ang isang menor de edad o ibang tao sa isang bagay na

ayaw ila, maaari nilang alisin ang tag o hilingin sa tao na alisin ang post. Sa Facebook, maaari ring i-request ng magulang o legal guariian na alisin namin ang larawan ng kanilang anak na wala pang edad na 13 sa pamamagitan ng pagsagot sa form na ito. Ang bata na nasa pagitan ng edad na 13 at 18 ay maaaring i-request na alisin namin ang kanilang laraan gamit ang feature na "Mag-report ng Paglabag sa Privacy" sa aming Help Center. Nire-restrict namin ang mga nasa hustong gulang mula sa pagme-message sa mga teen na hindi sila konektado o na makita ang mga teen sa kanilang mga rekomendasyon sa Mga Taong Maaaring Kilala mo, at hindi namin ipapakita sila ipapakita sa mga rekomendasyon sa Mga Taong Maaaring Kilala Mo. Bilang dagdag na layer ng proteksyon, sinusubukan din naming alisin ang messge button sa mga Instagram account ng mga teen kapag tinitingnan nila ang mga kahina-hinalang nasa hustong gulang. Makikita rito ang karagdagang impormasyon sa kng paano sinusuportahan ng mga produkto at tool ng Meta ang mga experience na naaangkop sa edad.

Noong Pebrero 2023, inanunsyo ng Meta na mga founding member ang Facebook at Instagram ng Take It Down, bagong platform na dinisenyo para maagap na pigilan na maikalat sa online ang mga intimage image ng kabataan. Pinapayagan ng Take It Down ang kabataan na makuha ulit ang kontrol ng kanilang mga intimage image. Nag-announce din kami ng mga bagong feature para gawing mas mahirap sa mga kahina-hinalang nasa hustong gulang na makipag-interact sa mga teen sa Instagram.

Sinuportahan namin ang National Center for Missing and Exploited Children (NCMEC) sa pagbuo ng Take It Down, binubuo ang tagumpay ngStopNCII, platform na binuo namin na tumutulong sa mga nasa hustong gulang na pigilang maikalat ang kanilang mga intimage image. Binuo ang Take It Down nang may pinansyal na suporta ng Meta. Binuo sa isang paraan na iginagalang ang privacy ng kabataan at seguridad ng data, pinapayagan ng Take It Down ang mga tao na mag-submit lang ng hash — sa halip na intimate image o video ng sarili nito — sa NCMEC. Ang pag-hash ay ginagawang nasa coded form ang mga larawan o video na hindi na matitingnan, na gumagawa ng mga hash na mga secure na digital fingerprint. Nakikipagtulungan kami sa NCMEC para i-promote ang Take It Down sa aming mga platfor, bilang karagdagan sa pagsama nito sa Facebook at Instagram para madali itong ma-access ng mga tao kapag nagre-report ng posibleng lumalabag na content.

Gumagamit din kami ng mga teknolohiya sa pagtugma ng litrato na tumutulong sa aming makita, alisin at ma-report ang pagbabahagi ng mga larawan at video na nananamantala ng mga bata. Ang mga teknolohiya na ito sa pagtugma ng litrato ay gumagawa ng natatanging digital signature ng isang larawan o video (kilala bilang "hash") na

ikinukumpara sa isang database na may mga signature (mga hash) ng dati nang natukoy na mga ilegal na larawan para maghanap ng mga kopya ng parehong larawan.

Nia-run din namin ang mga teknolohiyang ito sa mga link mula sa iba pang mga internet site na ibinahagi sa aming mga app at ang kanilang nauugnay na content para makita sa ibang lugar sa internet ang alam na pananamantala ng bata. Ang lahat ng makikitang lumalabag na content ay nire-report sa NCMEC, na nakikipagtulungan sa nagpapatupad ng batas sa buong mundo.

Panghuli, gumagamit kami ng artificial intelligence at machine learning para maagap na makita ang child nudity at dating hindi alam at bagong child-exploitative content, pati rin ang hindi naaangkop na mga pakikipag-ugnayan sa mga bata, na tinatawag minsan na "grooming." Binibigyan namin ang mga menor de edad ng partikular na edukasyon sa kung ano ang ibig sabihin ng pag-post nang naka-public. Pinoprotektahan din namin ang sensitibong impormasyon, tulad ng contact info, paaralan at birthday ng mga menor de edad, para hindi ito makita ng pampublikong audience kapag naghahanap.

d) Ipasuri sa mga bata ang pambatang bersyon ng Mga Pamantayan ng Komunidad kapag nag-sign up para sa Facebook account at bumuo ng mga pambatang tool para sa pagprotekta, kasama ang patnubay sa privacy settings, pangongolekta ng data, at pagre-report ng grooming.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad ang bahagi
Status: Kumpleto

Nakipagtulungan ang Meta sa Child Rights Network, National Privacy Commission, at mga creator at mga advocate ng kabataan para i-launch ang pambatang webtoon series at adventure games na mapipili mo tungkol sa privacy, proteksyon ng data at responsableng pakikipag-ugnayan sa online.

Dagdag pa rito, nakikipagtulungan kami sa Kagawaran ng Edukasyon at ang Stairway Foundation pra bumuo ng Gabay sa Kaligtasan sa Facebook para sa Mga Paaralan para suportahan ang mga tauhan ng paaralan, mga learning facilitator sa bahay, at mga nag-aaral sa ligtas na pag-naviggate sa Facebook bilang platform ng komunikasyon para ibahagi ang mahalagang mga update, impormasyon at mga announcement ng paaralan.

Nakabuo na kami ng mga pambatang tool sa pagbibigay ng proteksyon at ipagpapatuloy namin ito. Halimbawa, ipinakilala namin ang mga prompt na pangkaligtasan sa Messenger, na ipinapakita sa mga menor de edad bago makipag-interact sa nasa hustong

gulang na nagpapakita ng posibleng kahina-hinalang gawi. Halimbawa, kung magpapadala ng maraming friend o message request ang isang nasa hustong gulang sa mga taong wala pang edad na 18, inaalertuhan ng tool na ito ang mga tatanggap na mag-ingat kapag nakikipag-interact sa nasa hustong gulang na maaaring hindi nila kilala, tinuturuan sila tungkol sa pangha-harass, at binibigyan sila ng kakayahan na balewalain, i-block o i-report ang isang tao kapag may hindi tama. Kami rin ay nag-launch ng Youth Portal in our Safety Center in 2018, isang pangunahing lugar para sa mga teenager na kinabibilangan ng edukasyon sa pananatiling ligtas at mga first-person account mula sa mga teenager sa buong mundo tungkol sa kung paano nila ginagamit ang teknolohiya sa bago at creative na mga paraan. Nagpi-feature ito ng mga tip sa mga bagay tulad ng seguridad, pagre-report ng content at pagpapasya kung sino ang makakakita ng kanilang ibinabahagi at ilang alituntunin para sa kung paano masusulit ng mga teenager ang internet.

e) Mag-launuch ng child online safety month o maikukumparang pagsusumikap para magbigay ng kamalayan sa mga panganib at tool sa mga platform ng Meta.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Regular kaming lumalahok sa mga aktibidad ng Safer Internet Day. Bilang bahagi ng 2021 Safer Internet Day, nagpatakbo kami ng isang online safety education campaign sa Facebook at Instagram mula Pebrero hanggang Marso 2021 na nakita ng mahigit 18 milyong beses. Para sa Safer Internet Day noong Pebrero 2023, nakipagtulungan ang Meta sa Child Rights Network, National Privacy Commission, at mga creator at mga advocate ng kabataan para i-launch ang pambatang webtoon series at adventure games na mapipili mo tungkol sa privacy, proteksyon ng data at responsableng pakikipag-ugnayan sa online.

Para tumulong na matiyak na alinsunod ang mga materyal sa mga pamantayan sa pagprotekta ng bata at ang boses ng mga teenager ay kasama sa proseso, nakipagtulungan ang Meta sa mga child safety practitioner at kumonsulta sa mga batang may mga kapansanan, mga LGBT na bata at mga teenager mula sa iba't ibang panlipunan at pang-ekonomikong pinagmula sa buong Pilipinas. Ang nagresultang media coverage ay tumulong na dagdagan ang mga resource at mga bagong tool sa pagbibigay ng proteksyon.

Nakipagtulungan din kami sa Child Rights Network, Stairway Foundation, Department of ICT, at Called To Rescue para turuan ang mga user sa mga tip sa privacy at seguridad ng Facebook. Taun-taon, lumalahok ang Meta sa mga aktibidad ng Safer Internet Day.

Binubuo ang aming kasalukuyang paglahok sa iba pang mga pambansang child safety campaign, sa oras ng pagsulat, isinasagawa namin ang #ReportItDontShareIt campaign sa pakikipagtulugnan sa Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT), Child Rights Network, at ang Stairway Foundation. Nagbibigay ng kamalayan ang campaign sa mga panganib ng pagbabahagi ng materyal tungkol sa sekswal na pananamantala ng bata, nagpo-promote ng pagbabago sa mga lokal na attitude, at hinihikayat ang mga tao na i-report ang nasabing content.

6. Trafficking

a) Gumawa ng mga pagsusumikap na huwag isama sa mga resulta ng paghahanap sa Facebook ang content na may kaugnayan sa pagbebenta ng mga organ ng tao.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Na-update namin ang maagap na mga detection tool nang may layunin na bawasan ang kakayahang matuklasan ang exploitative content at isama ang mga lumilitaw na ternd nang kumonsulta sa Kagawaran ng Kalusugan ng Pilipinas at ang National Kidney and Transplant Institute.

b) I-update ang Patakaran sa Pananamantala ng Tao para pagbawalan ang lahat ng pagbebenta ng mga bata, kahit na sa mga kaso kung saan posibleng pinapayagan ng batas ang pagbebenta.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Mayroon kaming malawak na tuntunin na nagbabawal sa maraming uri ng pananamantala ng tao, kasama ang pagbebenta ng bata para sa ilegal na pag-ampon, sa aming mga dati nang patakaran. Ito ay na-update para malinaw na ipagbawal ang lahat ng pagbebenta ng bata.

c) Magsagawa ng training sa pagbibigay ng kamalayan sa platform na may kaugnayan sa mga panganib ng illegal na recruitment at kung paano makita ang posibleng mapanamantalang content.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Noong Mayo 2023, nag-launch kami ng Mga Search Interstitials sa Facebook para pigilan ang mga user na tumugon sa mga fraudulent job post. Nakipagtulungan kami sa mga panlalawigang organisasyon para kolektahin at isalin-wika ang mga nangungunang keyword na nauugnay sa ganitong uri ng pananamantala sa trabaho. Nagpapakita ang Search Interstitial ng babalang message kapag nagta-type ang mga user ng mga keyword na nauugnay sa mga high-risk na fraudulent na mga job advertisement na humahantong sa pananamantala sa trabaho. Bina-block nito ang mga user na makita ang mga resulta ng paghahanap hanggang sa piliin nilang makita ang mga ito at ikinokonekta ang mga posibleng biktima sa mga organisasyon na makakapagbigay ng suporta at mga resource.

Sa pakikipagtulungan sa Stop The Traffik, nag-launch din kami ng Labor Trafficking/Domestic Servitude Awareness Campaign noong 2021 para magbigay ng impormasyon sa posibleng mga domestic worker at mga low-skilled laborer tungkol sa kanilang mga legal na karapatan, loka na mga alituntunin sa pag-recruit para sa mga pag-apply ng trabaho sa ibang bansa at mga available na helpline. Nakipagtulungan kami sa mga NGO partner tulad ng Stop the Traffik para magbigay ng nakatuon na pag-iwas at supotahan ang mga ad campaign. Mas kamakailan, kasama sa mga bagong Digital Tao module, ipinakilala namin nitong 2023 ang Avoiding Scams module, na tumatalakay sa mga karaniwang uri ng mga scam at nagbigay ng mga tip at aksyon sa kung ano ang dapat gawin kung masa-scam.

Noong Enero 2022, kami ay nag-launch ng suporta sa biktima para sa mga tao na nagpo-post ng content sa Facebook na gustong magbenta ng kanilang mga sariling organ (mga kinilala ang sarili bilang mga posibleng biktima ng organ trafficking). Kapag mayroong inalis na content ang mga kinilala ang sarili bilang mga posibleng biktima dahil sa paglabag ng aming Mga Pamantayan ng Komunidad, dadalhin din sila sa mga resource ng suporta na ginawa rin namin kasama ng mga external na eksperto. Isinalin sa 60 wika ang intervention. Binuo namin ang mga intervention na ito batay sa mga pagkonsulta sa mga organisasyon ng eksperto sa Pilipinas, kasama ang Inter-Agency Council Against Trafficking, ang Kagawaran ng Kalusugan, ang National Kidney and Transplant Institute, ang Overseas Workers Welfare Administration, ang Blas Ople Policy Center, ang Department of Foreign Affairs, at ang Philippine Overseas Employment Administration.

Noong Abril 2023, nag-host kami ng forced criminality at human trafficiking conference sa Bangkok. Isinama namin ang nagpapatupad ng batas at mga NGO/IO/mga civil society stakeholder para sa makabuluhang pagbabahagi ng signal at pag-strategize at para magplano sa hinaharap. Ang mga dumalong ahensya ng Nagpapatupad ng Batas ay kinabibilangan ng Philippines National Police, National Bureau of Investigation, Department of Justice, Bureau of Immigration, Inter-Agency Council Against Trafficking, FBI Manila, at HSI Manila.

7. Aktibidad ng extremist

a) Higit pang nag-invest sa mga capability ng wikang Moro, lalo na ang pagbibigay-diin sa mga pangunahing salita sa Maranao, Maguindanaoan, at Tausug, para pahintulutan ang mas tama at maagap na pagsusuri ng potensyal na content ng terorista.

Orihinal na commitment: Feasibility ng pag-assess:
Status: Walang mga karagdagang update

Sa oras ng pagsulat, mayroong kapasidad sa Cebuano at Filipino ang Meta sa pag-moderate ng content. Susuriin namin kung paano bibigyan ng prayoridad ang karagdagang kapasidad batay sa aming mga pamantayan para sa pandaigdigang pagbibigay ng prayoridad sa wika at ang UN Guiding Principles sa Negosyo at Mga Karapatang Panatao.

Dagdag pa rito, ni-launch namin ang The Resiliency Initiative, na nilalayon na i-promote ang tolerance, patibayin ang interfaith at inter-ethnic na pag-unawa, at labanan ang marahas na extremism sa pamamagitan ng pagtulong sa pagbuo ng matatag na mga komunidad sa APAC. Ang initiative ay naghatid ng hanay ng mga programa na bumubuo ng kapasidad para sa mga organisasyon ng civil soceity para tumulong na bumuo ng localized na mga positibong narrative campaign online na nilalayon na salungatin ang intolerance at diskriminasyon — kasama ang Pilipinas.

Ipinatupad din namin ang Boost Your Business training program sa Bangsamoro Autonomous Region of Muslim Mindanao para sa digital readiness at nagbukas ng online economic opportunities para sa lokal na komunidad, kasama ng Bayan Academy.

8. Corporate accountability

a) Bumuo ng hiwalay na Patakaran sa Mga Karapatang Pantao.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Ang Corporate Human Rights Policy ng Meta ay ni-launch noong Marso 2021. Ang inilaan na website para sa mga karapatang pantao ng Meta ay ni-launch din noong Mayo 2022 at may detalyadong impormasyon sa mga patakaran at kasanayan ng Meta sa mga karapatang pantao, pati rin ang mga link sa Annual Human Rights Report nito noong Hulyo 2022 (na may update sa pagpapatupad ng HRIA ng Pilipinas at detalye sa mga paghahanda para sa 2022 eleksyon). Regular na ia-update ang website.

b) Magdagdag ng hiwalay na board member na responsable para sa mga karapatang pantao at/o pagtatag ng Human Rights Advisory Board, na katulad sa Safety Advisory Board.

Orihinal na commitment: Feasibility ng pag-assess:
Status: Kasalukuyang isinasagawa

Sa ilalim ng Corporate Human Righs Policy, ang mahalagang mga isyu sa mga karapatang pantao ay nire-report paminsan-minsan sa Board of Director ng kumpanya. Na-benchmark ng Meta ang advistory sa mga stakeholder ng mga karapatang pantao na may kaugnayan sa kasanayan at mga mekanismo sa pagkonsulta at hahangarin na maipatupad ang nasabing mekanismo. Ang Human Rights team ng Meta ay nasa proseso rin ng pagbuo ng pandaigdigang stakeholder engagement at outreach program, na posibleng kabilangan ng expert body o advisory group.

c) Bumuo ng transitional na gawang panghustisya para mag-ambag sa mas malawak na pagkilala ng mga panganib sa mga karapatang pantao sa mga bansa na may mga legacy ng mga pang-aabuso ng mga karapatang pantao.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Aktibong isinasama ng Meta ang transitional justice at mga prinsipyo sa patakaran nito, mga komunikasyon at gawa tungkol sa mga karapatang pantao. Ang mga karanasan sa transitional justice ay lubhang may kaugnayan sa Meta at iba pang mga social media company dahil madalas nilang kinokompronta ang mga hamon na nasa system-level at nahihirapan sa mga isyu ng scale, bilis at remedyo.

d) Ipagpatuloy ang mga pagsusumikap na maging alinsunod sa Santa Clara Principles.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad ang bahagi
Status: Kasalukuyang isinasagawa

Ang mga prinsipyo ay nagbibigay ng mahusay na gabay. Magpapatuloy kami sa paggawa para maging alinsunod sa mga prinsipyo, pero masyadong marami ang note content kaya hindi kami makaka-commit sa human review para sa lahat ng kaso. Sa halip, hinahangad naming magbigay ng prayoridad batay sa tindi ng posibleng panganib sa isang framework na alinsunod sa UN Guiding Principles sa Negosyo at Mga Karapatang Pantao.

e) Pormal na isama ang mga inaasahan sa mga karapatang pantao sa proseso ng Responsableng Innovation, na hinihiling na sumailalim sa pagsusuri ng mga karapatang pantao ang lahat ng “high-risk na produkto.”

Orihinal na commitment: Ipinapatupad ang bahagi
Status: Walang mga karagdagang update

Ginawa naming alinsunod ang mga prinsipyo ng Responsible Innovation (RI) sa patnubay ng mga karapatang pantao, pero itinigil nang gamitin ang prosesong nabanggit dito. Gagawa kami ng mga karagdagang hakbang para isama ang patnubay ng mga karapatang pantao sa mga proseso ng pagma-manage ng panganib ng produkto ng RI.

f) I-assess kung aling mga partikular na aspeto ng business model ng Meta ang humigit-kumulang na malamang na makakapaketo nang hindi maganda sa mga karapatang pantao at bumuo ng mga hakbang sa pagbawas batay sa mga resulta ng pag-assess.

Orihinal na commitment: Feasibility ng pag-assess:
Status: Kumpleto

Ang aming Corporate Human Rights Policy ay hinihiling sa aming malaman ang aming mahalagang mga panganib sa mga karapatang pantao. Gumawa kami ng mahalagang pag-assess ng panganib sa buong kumpanya, na mahalagang precursor sa gawaing ito.

9. Na-update ang mga rekomendasyon ng HRIA (mula Setyembre 2021)

a) Simulan/palawakin ang pagbabahagi ng impormasyon sa user engagement sa maling impormasyon tungkol sa COVID. Makakatulong ang data na ito sa mga hiwalay na researcher na maintindihan kung paano naikakalat ang maling impormasyon at ang bisa ng mga taktika sa pagpigil.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Magsasagawa kami ng dalawang nakalaan na workshop series sa mga nangungunang eksperto sa maling impormasyon, kaligtasan at pagpapahayag para payuhan kami sa best practice research at pag-iisip ng bisa ng pag-enforce ng maling impormasyon, kung saan ang isa sa mga ito ay nakatuon sa Asia-Pacific region. Magbibigay kami ng mga pagkakataon para magbahagi ng may kaugnayang kaalaman.

b) Dagdagan ang mga pagsusumikap para labanan ang disinformation at maling impormasyon sa Pilipinas, kasama ang: pag-onboard ng mga bagong third-party fact-checker para matiyak ang sapat na pag-resource para matugunana ng disinformation bago ang paparating na eleksyon at paggamit ng pinaigting na mga penalty ng Meta para sa mga pampublikong personalidad na lababag sa Mga Pamantayan ng Komunidad ng Facebook.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Bilang bahagi ng aming paghahanda para sa eleksyon sa Pilipinas, pinalawak namin ang aming suporta at training para sa lokal na fact-checking community, alinsunod sa IFCN Principles. Noong 2021, ni-launch namin ang Philippine Fact-Checker incubator (PFCI), sa limang kalahok na organisasyon. Simula 2023, dalawa sa limang organisasyon na kalahok sa PFCI, Press One at MindaNews, ay na-accredit ng IFCN. Kasalukuyang pinoproseso ang mga application ng tatlo pang ibang organisasyon.

Gumawa rin kami ng mga karagdagang paraan pra patibayin ang pagpapatupad ng mga patakaran sa maling impormasyon (kasama ang, bukod sa iba pa ang panghihimasok ng botante at maling impormasyon na humahantong sa aktwal na pinsala). Ang amign patakaran ng pinaigting na mga penalty laban sa mga pampublikong personalidad na lumalabag ng Mga Pamantayan ng Komunidad sa mga panahon ng civil unrest ay pandaigdigan, kaya gagamitin kapag natugunan ang mga pamantayan ng patakaran.

Sinuportahan din namin ang proyekto sa FYT, na isang independent media outfit sa komunidad, para i-train ang mga journalist sa lugar/estudyante tungkol sa digital literacy, visual na pagkukuwento, at fact-checking bilang paghahanda para sa pangkalahatang eleksyon ng 2022.

Ang mga detalye sa mga ito at iba pang mga aksyon na ginawa para labanan ang maling impormasyon at disinformation bago ang eleksyon noong 2022 ay makikita sa "Preparation for Philippines Presidential Election 2022" na seksyon ng aming 2022 Annual Human Rights Report.

c) Dagagan ang kapasidad para matugunan ang reg-tagging, kasama ang: pagbuo ng kamalayan sa lokal na civil society ng mga patakaran ng Meta sa red-tagging, palawakin ang programa ng Trusted Partner, at gumawa ng mga hakbang para suriin ang red-tagged content sa napapanahong paraan, alinsunod sa pagbabanta sa buhay.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Hinahangad naming ipagpatuloy ang aming matibay na gawain sa pagpigil sa content na inaalis ang mga partikular na nasa panganib na group, kasama ang red-tagging. Simula 2019, sinuri ng Meta at na-enforce ang content na nagbabanta at nang-aakusa ng mga tao bilang komunista ("red-tagging") bilang paglabag ng aming Patakaran sa Pag-coordinate ng Pinsala at Pag-promote ng Krimen.

Tinutugunan din ng Meta ang red-tagging sa pamamagitan ng mga patakaran na dinisenyo para labanan ang Information Operations, na kinabibilangan ng mga patakaran at pag-enforce laan sa mga coordinated na hindi tamang gawi, at hindi tamang gawi sa ibang bansa. Simula 2019 (kasama ang mahalagang aksyon noong 2022), inaalis namin ang mga network ng mga account, Page, at mga Group sa Pilipinas na nagtulungan para sistematikong labagin ang aming Mga Pamantayan ng Komunidad at iwasan ang pag-enforce.

Patuloy din kaming nakikipag-ugnayan sa Philippine Commission on Human Rights, pati rin sa iba pang mga lokal na organisasyon ng mga karapatan. Kinumpleto rin namin ang Online Security and Resilience Training for Human Rights Defenders, na kinabibilangan ng 60 organisasyon sa Pilipinas, at may mga planong palawakin ang parehong programa hanggang sa Thailand.

Noong 2022, na-brief namin ang mga member ng Armed Forces of the Philippines tungkol sa Mga Pamantayan ng Komunidad ng Meta at nagbigay din ng digital literacy session na nakatuon sa critical thinking online.

d) Dagdagan ang kapasidad para pigilan ang paglaganap ng sekswal na pananamantala online at human trafficking sa mga Meta platform, kasama ang:

- pag-invest sa mas maraming resource sa pagpigil ng pananamantala ng bata at pagbabahagi ng child sexual abuse material (CSAM) sa mga space na hindi naka-encrypt
- pag-imbestiga sa mga bagong pamamaraan at teknolohiya para matugunan ang pagkalat ng CSAM sa mga space na naka-encrypt, habang iginagalang pa rin ang karapatan sa privacy at iba pang mga karapatang pantao.
- palawakin ang mga pamamaraan para matukoy at limitahan ang mapanganib na mga pakikipag-ugnayan na maaaring magresula sa pananamantala.

Orihinal na commitment: Ipinapatupad
Status: Kumpleto

Pinangungunahan namin ang industriya sa aming gawain para mapigilan at maanala ang pagbabahagi ng CSAM sa aming naka-encrypt at hindi naka-encrypt na mga serbisyo. Magpapatuloy kaming lubos na mag-invest sa space na ito, kasama ang sa pamamagitan ng pagpapalawak ng aming ggawain sa pagtukoy at paglimita sa posibleng nananamantalang mga pakikipag-ugnayan sa mga bata. Gumagamit na kami ng mga paraan na nangunguna sa industirya at hinahangad na mag-pioneer ng mga bago para tumulong na matugunan ang posibleng pagkalat ng CSAM sa mga space na naka-encrypt.